

2021-2023 ESTRATEHIKONG PLANO PARA SA DEPARTAMENTO NG MGA ELEKSYON

INTRODUKSIYON

Ang Estratehikong Planong ito (Plano) ang magbibigay ng pundasyon sa pagpapalawig ng Departamento ng mga Eleksyon na magaganap sa susunod na tatlong taon ng pananalapi. Itatakda ng Planong ito ang mga gawain at proyektong parehong pang-kasalukuyan at pang-hinaharap, gagabay sa pagbibigay-prayoridad sa mga programa at serbisyo ng Departamento, at magsilbing basehan sa pagbuo ng mga budget para sa operasyon sa susunod na tatlong taon ng pananalapi. Ang mga layuning itinakda sa Planong ito ay naglalayong ipatitay ang patuloy na hangarin ng Departamento na maghatid ng aksesible at pantay-pantay na mga serbisyong may kinalaman sa pagboto at mga programa para sa lahat ng mga residente ng San Francisco na elihibleng makilahok sa mga eleksyon, habang itinataguyod ang isang ligtas, inklusibo at umuunlad na kalagayan sa trabaho para sa mga empleyado.

Kailangang magsagawa ng mga eleksyon ang Departamento bilang pagsunod sa lahat ng naaangkop na mga batas pederal, pang-estado at lokal, kabilang na ang Voting Rights Act o Batas para sa mga Karapatan sa Pagboto, ang Help America Vote Act o ang Batas para Tulungang Bumoto ang Amerika, ang Americans with Disabilities Act o Batas sa Amerikanong may Kapansanan, at ang City's Language Access Ordinance o Ordinansa ng Lungsod para sa Aksesibilidad sa Wika, at sa lahat ng naaangkop na mga regulasyong inilabas ng Kalihim ng Estado ng California. Nakikibahagi ang Departamento sa lahat ng mga gawaing pang-eleksyon na may sumusunod na layunin: mapukaw ang tiwala ng komunidad sa mga eleksyon; mapalawak ang epekto ng mga programa sa pag-abot at pagbigay kaalaman sa komunidad para sa mga lokal na botante at potensyal na mga rehistrante; at mapahusay pa ang mga serbisyo habang isinasaisip na ang mga pangangailangan ng mga botante ng Lungsod sa hinaharap.

Ang Planong ito ay naglalayong tumulong magbigay-gabay sa pagdedesisyong, ituton ang resources o mga mapagkukunan, at ihanay ang trabaho ng Departamento sa layunin nito para sa mga residente ng San Francisco. Alinsunod dito, ang lahat ng mga empleyado ng Departamento ay inaasahang isasama ang mga estratehikong layunin ng Planong ito sa mga programa at serbisyo ng Departamento at gamitin ang mga layunin para magbigay-gabay sa mga desisyon sa human resources sa loob ng mga dibisyon sa Departamento. Bagaman itinatakda ng Planong ito ang mga espisipikong layuning dapat kumpletuhin sa susunod na tatlong taon ng pananalapi, ito ay nananatiling isang dokumentong nababago at maaaring rebisahin kung kinakailangan upang matugunan ang pagbabago sa legal at teknolohikong mga aspeto.

PAHAYAG NG MISION

Ang mision ng Departamento ay ang magbigay ng pantay-pantay na aksesibilidad sa pagboto at mga serbisyong may kinalaman sa eleksyon at magsagawa ng eleksyong malaya, makatarungan, at makabuluhan para sa Lungsod at County ng San Francisco.

ESTRATEHIKONG MGA LAYUNIN

1

Patuloy na magbigay ng pantay-pantay na aksesibilidad sa pagboto at mga serbisyong may kinalaman sa eleksyon sa lahat ng residente ng Lungsod na elihibleng makilahok sa mga eleksyon. Patuloy na pangangasiwaan ng Departamento ang pantay-pantay na paglahok sa mga prosesong pang-eleksyon sa pamamagitan ng pagbigay ng malawak na tools o mga kagamitan at resources o mga mapagkukunan; pagpapalawig ng mga estratehiya para sa pagkalap ng tugon o reaksyon tungkol sa pagiging aksesible ng mga programa at serbisyo ng Departamento mula sa mga komunidad sa Lungsod; at paggamit sa mga tugong iyon sa paggawa ng mga bagong programa at serbisyong nararapat, pantay-pantay, at aksesible.

2

Palakasin pa ang kolaborasyon o pakikipagtulungan sa mga lokal na organisasyong nakabase sa komunidad at mga sangay ng Lungsod para sa paghahatid ng mga programa sa pag-abot at pagbigay kaalaman sa mga botante. Pagbubutihin ng Departamento ang mga nabuong estratehiya sa pagbibigay kaalaman sa botante upang maabot ang pinakabulnerableng mga botante at potensyal na mga rehistrante ng Lungsod, kabilang na ang mga miyembro ng mga komunidad na may kulay, mga matatandang botante, mga botanteng naninirahan sa mga komunidad na ang bilang ng bumoboto ay mas mababa pa sa katamtaman sa Lungsod, mga botanteng mas pinipiling magsalita ng wika maliban sa Ingles, mga botanteng may kapansanan, at mga botanteng walang tirahan o walang katiyakan sa pabahay, sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng mga koneksiyon sa mga kaagapay sa gobyerno, mga samahang non-profit, at mga komite ng tagapayo.

3

Ihalo sa serbisyo sa botante, human resources, at mga desisyon sa budget ng Departamento ang epekto ng mga isyu sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi at vulnerableng populasyon. Kikilos ang Departamento upang palawigin ang pagiging inklusibo at aksesible ng mga prosesong pang-eleksyon at bigyan ng mga ekonomikong oportunidad ang mga pinakabulnerableng komunidad sa Lungsod sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga bagong anunsyo tungkol sa trabaho sa Eleksyon ay ipinahahayag sa iba't-iba at multi-lingguwal na mga pamamaraan; pag-o-organisa ng isang komprehensibong Programa sa Pagsasanay at Pagsulong sa Propesyon na tutulong sa mga kasalukuyan at susunod pang mga manggagawa ng Eleksyon para sa pagpapalawig sa karera at pagsulong sa propesyon; at pagkalap ng pondo upang linangin ang mga estratehiya sa pag-abot at pagbigay kaalaman na nakasentro sa pagkakapantay-pantay.

4

Suriin at magbigay-ulat tungkol sa posibleng implementasyon ng Voter's Choice Act (VCA) na model pang-eleksyon sa susunod na mga eleksyon sa San Francisco. Mangangalap ang Departamento ng tugon mula sa komunidad tungkol sa paggamit ng VCA na model pang-eleksyon sa San Francisco sa pamamagitan ng pagsagawa ng survey sa komunidad at isasama ang mga resulta ng survey na iyon sa isang ulat na maglalarawan kung paanong maaaring maapektuhan ng paggamit ng VCA na model pang-eleksyon sa San Francisco ang 1) mga serbisyo, pag-abot at pagbigay kaalaman sa mga botante; 2) staffing at pagsasanay sa mga tauhan; 3) lokasyon at operasyon ng mga potensyal na mga sentro ng botohan; 4) mga kagamitan sa pagboto at kapasidad nito; 5) pangongolekta ng at pagpoproseso sa balota; 6) projection o pagpapalawig sa budget; at 7) timeline para sa paghahanda sa eleksyon. (Bilang pagsunod sa lokal na batas, isang ulat na naglalaman ng lahat ng mga paksang ito ang isinunat sa Lupon ng mga Superbisor noong Pebrero 26, 2021.)

5

Suportahan sa pagkumpleto ng trabaho ang Task Force ng Lungsod para sa Muling Pagdidistrito; i-angkop ang mga linya para sa presinto o lugar ng botohan, i-update ang listahan ng mga botante at mga mapa ng presinto kasunod nang pagkumpleto ng muling pagdidistrito. Kasunod nang paglabas ng datos mula sa 2020 pederal na kadekadang senso, susuportahan ng Departamento ang mga layunin sa muling pagdidistrito ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtukoy ng consultant para sa muling pagdidistrito upang tulungan ang Task Force ng Lungsod para sa Muling Pagdidistrito; muling itakda ang mga linya ng presinto sa San Francisco sa loob ng lahat ng bagong parraling pederal, pang-estado, at lokal na linya ng mga distrito sa pagboto kapag ito'y napagtibay na; at isama ang impormasyon tungkol sa 2021-22 muling pagdidistrito at muling pagpepresinto sa mga presentasyon at materyales sa pag-abot sa komunidad bilang bahagi ng pagsusumikap na tiyaking naiintindihan ng mga residente ng San Francisco kung papaano sila naapektuhan ng mga proyektong ito.